

Isang Pagsusuring Pangnilalaman sa mga Piling Makasaysayang Pelikulang Pilipino: Disenyo ng Aralin

ELMA A. LUDIVese 

University of Bohol – 0186 Dr. Cecilio Putong Street,
Cogon Tagbilaran City, Bohol 6300

Corresponding Author: ludivesee@gmail.com

ABSTRAK

Article History

Submission: November 24, 2023

Revised: January 5, 2024

Accepted: February 28, 2024

Publication: April 2024

Keywords— Pagsusuri, Pelikulang Pilipino, Kasaysayan, Tayutay, Idyoma, Simbolismo, Kultural, Moral

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga piling makasaysayang pelikulang Pilipino na nakatuon sa mga tayutay, idyomatikong pahayag, simbolismo, kulturang Pilipino, at mga pagpapahalagang moral. Ang mga pelikulang sinuri ay kinabibilangan ng “Jose Rizal,” “El Presidente,” “Bonifacio: Ang Unang Pangulo,” “Heneral Luna,” at “Goyo: Ang Batang Heneral”. Ang mga natuklasan ay nagbibigay-diin sa paggamit ng masining na wika at simbolismo na

sumasalamin sa mahahalagang temang kultural at kasaysayan, pati na rin ang ugnayan ng mga pangyayari sa kasaysayan at kasalukuyang isyu sa Pilipinas. Isang mungkahing disenyo ng aralin ang inihanda upang mapalalim ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga piling makasaysayang pelikulang Pilipino, na magiging gabay sa pagtuturo ng wika at kasaysayan. Ang pelikulang “Jose Rizal” ay nagtatampok ng limampu’t dalawang tayutay at labing-anim na idyoma tulad ng “balat-kayo” at “matamis na salita.” Ang “El Presidente” ay may labing-anim na tayutay at limang idyoma tulad ng “iharap sa dambana.” Ang “Bonifacio: Ang Unang Pangulo” ay naglalaman ng dalawampu’t walong tayutay at labing-isang idyoma, kabilang ang “walang



© Elma A. Ludivese (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: <https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/>

puso.” Ang “Heneral Luna” ay may apatnapu’t tatlong tayutay at siyam na idyoma, kabilang ang “lumipat ng bakod,” habang ang “Goyo: Ang Batang Heneral” ay may tatlung pitong tayutay at labingtatlong idyoma tulad ng “malikot ang mata.” Ipinakikita ng pagsusuri na ang tayutay na pagwawangis ang nangibabaw sa bawat pelikula. Kabilang sa mga kilalang simbolismo ang pluma at papel sa “Jose Rizal,” ang nakabaliktad na watawat ng Pilipinas sa “Heneral Luna,” at ang palaspas sa “Goyo: Ang Batang Heneral.” Ipinapakita ng pagsusuri na ang tayutay na pagwawangis ang nangibabaw sa bawat pelikula. Binibigyang-diin din ng pag-aaral ang mga kulturang Pilipino tulad ng matibay na ugnayan sa pamilya, mga kaugaliang panrelihiyon, at paggamit ng mga paggalang na “po” at “opo.” Bukod dito, nangingibabaw ang mga pagpapahalagang moral tulad ng lakas ng loob, integridad, at kabutihan. Binibigyang-diin ng pag-aaral ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga makasaysayang pangyayari na ipinakita sa mga pelikula at sa mga kasalukuyang kaganapan sa Pilipinas, na naglalarawan kung paanong patuloy na sumasalamatin at nakakaimpluwensya ang mga makasaysayang kwento sa kontemporaryong lipunang Pilipino. Ang mga piling makasaysayang pelikulang Pilipino ay gumagamit ng matatalinghang salita, simbolismo, at idyoma upang ipahayag ang mayamang kasaysayan at kultura ng bansa, na nagpapalalim ng pag-unawa at pagpapahalaga ng mga manonood sa mga nakaraang pangyayari at tauhan. Ang mga pelikulang ito ay hindi lamang nagbibigay-alihw kundi nagbibigay-aral at nag-aalok ng inspirasyon na ipinapakita ang patuloy na kahalagahan ng mga makasaysayang kuwento sa paghubog ng kamalayang kultural at pambansang pagkakakilanlan.

INTRODUKSYON

Ang kasaysayan, wika, at kultura ang bumubuo sa pundasyon ng pagkakakilanlan ng isang bansa. Sa konteksto ng Pilipinas, ang masalimuot na karanasan, tradisyon, at mga pagpapahalaga ay humuhubog hindi lamang sa kasalukuyan kundi sa hinaharap. Binibigyang-diin ni Stearns (2020) ang mahalagang papel ng kasaysayan sa pagpapalalim ng kamalayan ng lipunan at pang-unawa. Ang malalim na pag-unawa sa kasaysayan ay nagbibigay kakayahang unawain ang mga ugat ng kasalukuyang kalagayan (Odchimar, 2019).

Ang wikang Filipino ay isang daungan ng pagpapahayag na naglalarawan ng kahalagahan ng pambansang pamana. Ang mga pananaw ni Salazar (Bayang & Tubo, 2019) ay nagbibigay-diin sa likas na ugnayan ng wika at kultura, na nagpapakita kung paano pinananatili ng wikang Filipino ang kayamanan at ang kabuuang kultura ng bansa. Bukod pa rito, naglalarawan ang wika bilang isang paraan ng pagpapasa-pasa ng kaalaman, tradisyon, at mga halaga sa iba’t ibang henerasyon (Rogers, 2020).

Gayunpaman, sa kabila ng mabilis na pag-usbong ng teknolohiya at modernisasyon, nilalagay sa malaking hamon ang pagtuturo at pag-unawa sa

wika. Sa panahong ang *i-screen* ang kadalasang nakakakuha ng atensyon ng mga mag-aaral kaysa sa mga aklat, binibigyang-diin ang pagsusuri sa wika sa pamamagitan ng sining ng pelikula bilang isang mabisang kasangkapan para sa mga guro at mga mag-aaral. Layunin nitong mapalalim ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa wika habang binibigyang-diin ang pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng bansa.

Sa pagtuklas sa mga teorya tulad ng *Figurative Language Theory* (Kennedy at Gioia, 1995) at *Semantic Theory* (Kempson, 1997), sinusuri ng pananaliksik na ito ang malalim at matalinghagang kahulugan ng ekspresyong linggwistika sa loob ng pelikulang Pilipino. Sa pamamagitan ng kritikal na pananaw na binigyang-gabay ng mga teorya tulad ng *Critical Theory* (Horkheimer, 1972), layon nito na mailantad ang dinamiko ng kapangyarihan, mga tensyon sa lipunan, at mga alaala ng kasaysayan na nasasaad sa mga pelikula. Dagdag pa rito, nagtutugma ito sa teorya na *Values Clarification Theory* (Simon, Howe, at Kirschenbaum, 1972) sa paglalalatag ng introspeksyon at kalinawan hinggil sa personal na mga halaga at paniniwala.

Ang *New Historical Theory* (Palmer, 2020) ang nagbibigay-balangkas sa kung paano ginagamit ng mga pelikula ang konteksto ng kasaysayan at kultura upang magbigay-tangi at orihinal na kahulugan. Sa pamamagitan ng paglililaw sa wikang Filipino sa mas malawakang perspektibo ng kasaysayan at kultura, layunin ng pananaliksik na ito na palalimin ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng mga Pilipino at ang pabago-bagong lipunan.

Inilahad ni Trafton (2022) na ang mga makasaysayang pelikula ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga iskolar sa larangan ng pelikula, midya, at kasaysayan na suriin ang ugnayan ng isang bansa sa kasaysayan nito. Ang mga pelikulang ito ay may kapasidad na bigyang-linaw ang mga nakakubli o magkasalungat na kasaysayan na maaaring humamon o umakma sa umiiral na mga salaysay sa nakaraan. Hinihikayat ang mga manonood na isalang-alang na ang kasalukuyan ay naiimpluwensyahan ng kasaysayan. Higit pa rito, ang mga makasaysayang pelikula ay nagmumungkahi ng mga bagong pananaw sa pag-unawa sa nakaraan at nagpapakilala ng mga bagong kaalaman at impormasyon na nakatutulong sa pag-unawa sa kasalukuyan. Panghuli, ang mga makasaysayang pelikula ay may kapasidad na lumihis sa katumpakan sa mga nakasulat sa pahina upang tuklasin ang mga alternatibong pananaw at salaysay tungkol sa nakaraan.

Mahalagang mauunawaan ng mga mag-aaral ang isang pelikula at maikintal sa kanilang isipan ang mensaheng nangingibabaw rito. Maisakatuparan lamang kung ang gagamiting wika ay mauunawaan ng karamihan at ang matatalinghagang salitang ginamit sa pelikula ay mahubdan at mabigyang pagpapakahulugan batay sa nilalaman at konteksto nito. Bawat indibidwal ay gumagamit ng matatalinghagang salita sa pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan sa kapwa. Hindi hiwalay nito ang mga makasaysayang pelikula na hitik sa mga nakatagong kahulugan. Ang malalimang pagsusuri sa kahulugan ay nakatutulong sa paghawan ng balakid sa pag-unawa ng wika. Nakatutulong

ito na bigyang-linaw ang masalimuot na pagpapakahulugan ng bawat salita, pahayag, o pangungusap. Pinapabuti nito ang pagpapahayag at pag-unawa ng mga mag-aaral sa wika upang epektibong magamit sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Ayon kay Mayor-asuncion (2015), mahalagang bahagi ng anumang antas at sistema ng edukasyon ang pagtuturo ng wika sapagkat nagiging daan at pamantayan ito tungo sa isang mahusay na edukasyon.

Inaasahan na ang kahalagahang moral at kaalamang pangwika ay maipaabot sa bagong henerasyon, lalo na sa mga mag-aaral upang maging mapagkukunan ng kaalaman ang pelikula, lalo na sa linggwistika kung saan kakikitaan ng mga uri ng matalinghagang salita (Apriliya, 2022). Isinasaad ng kanyang pag-aaral na ang matalinghagang salita ay mahalaga sa pagpapahusay ng pang-unawa sa mga nakikinig at mambabasa. Malinaw na ang pagsusuri nito sa pelikula ay magsisilbing batis ng kaalaman. Ito ay makakatulong sa aspetong moral at lingguwistika ng mga mag-aaral.

Ang midya kasama na ang mga pelikula at palabas sa telebisyon ay nag-aalok ng mahalagang pananaw upang siyasatin ang nakaraan at ginagamit upang ipakita ang katotohanan, kritisismo, at malawak na saklaw ng panlipunang komentaryo (Bales, 2020). Ginagamit ang pelikula bilang tugon sa kasalukuyang pulitikal at panlipunang kaganapan pati na rin bilang isang kasangkapan upang ipalaganap ang mga kultural na ideya at mga pagpapahalaga. Madalas na ang mga makasaysayan na pelikula ay isa sa pinakaepektibong paraan upang siyasatin ang kasalukuyang mga pananaw, lipunan, at paniniwala.

Naniniwala ang mga mag-aaral ng wika na ang mga pelikula ay tunay na mapagkukunan ng mahahalagang kaalaman at impormasyon sa pagkatuto ng wika. Maaaring gamitin ang pelikula upang mapabuti ang kasanayan sa wika kabilang ang pagsasalita, pakikinig, pagbasa, bokabularyo, at pagsusulat. Natuklasan din na nakatutulong ang mga pelikula sa pagpapalawak ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral (Albiladi, Abdeen, at Lincoln, 2018).

Layunin ng pananaliksik na ito na pagbuklurin ang larangan ng wika, kasaysayan, at kultura sa pamamagitan ng ng sining ng pelikula bilang instrumento. Sa pagbubunyag ng kasaysayan at kultura ng mga pelikula, nais nitong palakasin ang mga mag-aaral na may mas malalim na pang-unawa sa kanilang linggwistikong pamana at may mas mataas na pagpapahalaga sa mayamang tapis ng kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsasanay na ito, nais nitong maging daan patungo sa isang mas malalim na pakikilahok sa wika, kasaysayan, at pagkakakilanlan sa konteksto ng Pilipinas.

METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pagsusuri sa nilalaman ng mga makasaysayang pelikulang Pilipino: Jose Rizal, El Presidente, Bonifacio: Ang Unang Pangulo, Heneral Luna, at Goyo: Ang Batang Heneral. Sinuri ang mga matalinghagang salita, tayutay, simbolismo, kulturang Pilipino, at

pagpapahalagang moral, pati na ang kaugnayan ng mga pangyayari sa pelikula sa kasalukuyang sitwasyon sa bansa. Pinili ang mga pelikula batay sa kanilang kasaysayan, parangal, matalinghagang wika, at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Kumuha ang mananaliksik ng ekspertong gabay at sumunod sa mga etikal na pamantayan mula sa Komite ng Etika ng Pamantasan ng Bohol upang masiguro ang katumpakan ng pag-aaral.

RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pananaliksik na ito ay isang pagsusuri ng mga tayutay at idyoma sa makasaysayang pelikulang Pilipino: Jose Rizal, El Presidente, Bonifacio: Ang Unang Pangulo, Heneral Luna, at Goyo: Ang Batang Heneral. Ang mga pelikula ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng tayutay, lalo na ang pagwawangis, upang bigyang-diin ang mga damdamin at pangyayari noong panahon ng kolonyalismo. Sa Jose Rizal, may 52 tayutay; sa El Presidente, 16; sa Bonifacio: Ang Unang Pangulo, 28; sa Heneral Luna, 43; at sa Goyo, 37. Samantala, ang paggamit ng idyoma ay nagpapayaman sa simbolismo ng mga eksena: Jose Rizal (16 idyoma), El Presidente (5), Bonifacio (11), Heneral Luna (9), at Goyo (13).

Pinatutunayan ng resulta na ang mga tayutay at idyoma ay nagdaragdag ng lalim sa konteksto at damdamin ng mga Pilipino sa mga makasaysayang pangyayari, at tumutulong sa mga manonood na maunawaan ang masining na paglalarawan ng kasaysayan. Sinusuportahan ito ng mga pag-aaral ni Fahriza (2021) na nagpapatunay sa halaga ng masining na wika upang palalimin ang pag-unawa sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas.

Ang mga Simbolismong Nangibabaw sa Bawat Makasaysayang Pelikulang Pilipino

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga simbolismo na nangingibabaw sa bawat piling makasaysayang pelikulang Pilipino. Ito ay tumutugma sa konsepto ng simbolismo na inilahad ni Seymour (2023), kung saan ang mga ito ay nagbibigay ng mga biswal na representasyon ng mga abstraktong ideya o konsepto. Ipinapahiwatig ng mga simbolo ang determinasyon, tapang, pagkakaisa, at pagmamahal sa bayan ng mga Pilipino sa kanilang pakikibaka para sa kalayaan at kasarinlan. Ang bawat simbolo ay naglalarawan ng mga halaga at karakter ng mga bayani ng Pilipinas, nagbibigay inspirasyon sa mga manonood, at nagpapakita ng kahalagahan ng pagtitiwala at pag-asa sa gitna ng mga pagsubok at kagipitan. Ang paggamit nito sa piling makasaysayang pelikulang Pilipino ay nagpapalalim sa pag-unawa ng mga manonood sa halaga at karakter ng mga bayani ng bansa, nagbibigay inspirasyon sa pagpapalakas ng pagkakakilanlan, at nagpapakita ng kahalagahan ng pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas.

Ang mga Kulturang Pilipinong Nangibabaw sa Bawat Makasaysayang Pelikulang Pilipino

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga kulturang Pilipino na nangingibabaw sa bawat piling makasaysayang pelikulang Pilipino. Ang talahanayan ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga tradisyonal na kaugalian at kultura ng mga Pilipino sa paghubog at pagpapalaganap ng mga makabuluhang kwento sa mga pelikula. Ipinapakita nito na sa kabila ng pagbabago at modernisasyon, nananatili pa rin ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa paggalang sa nakatatanda, pagiging relihiyoso, at pagmamalasakit sa pamilya. Ipinapakita nito ang pagpapalaganap ng pagkakilanlan ng bansa at pagbibigay-halaga sa kasaysayan at kulturang mayroon ang mga Pilipino. Inilahad sa pag-aaral nina Albiladi, Abdeen, at Lincoln (2018) na ang mga pelikula ay kapaki-pakinabang sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral hindi lamang sa wika maging sa kanilang kultura. Sa paggamit ng pelikula bilang isang kasangkapan sa pagtuturo, hindi lamang natututo ang mga mag-aaral ng wika kundi nagkakaroon din ng mas malalim na pag-unawa sa kultura ng bansa.

Ang mga Pagpapahalagang Moral na Nangingibabaw sa Bawat Makasaysayang Pelikulang Pilipino

Ito ay naglalahad ng mga pagpapahalagang moral na nangingibabaw sa bawat piling makasaysayang pelikulang Pilipino. Ipinapakita ang mga pangunahing pagpapahalagang moral sa mga piling makasaysayang pelikulang Pilipino. Ipinapakita nito na ang mga Pilipino ay mayroong matibay na paninindigan sa kanilang mga prinsipyo at kagitingan sa pagtatanggol ng bayan. Ang mga pangunahing tauhan ay nagpapakita ng katapatan, determinasyon, at pagmamahal sa bayan, pati na rin ang kanilang lakas ng loob sa harap ng mga hamon at pagsubok.

Inilahad sa pag-aaral nina Gracia, Dara, Noviana, at Simanjuntak (2022) na magkaiba man ang tunguhin at mga katangian ng pelikula, naroon pa rin ang pangunahing layunin nito na magpahayag ng mensahe sa mga manonood. Ang pelikula ay hindi lamang nakatutulong sa pagbibigay ng impormasyon o kabatiran kung hindi maaari rin itong ituring bilang isang paraan ng sining na nakatutugon at nakaaapekto sa pagpapahalagang moral ng mga manonood. Sinuportahan ito ni Hermawan (2019) na ang isang pelikula ay nagsisilbing modelo para sa maraming indibidwal. Naiimpluwensyahan nito ang kanilang pag-uugali at mga pagpipilian. Maaari nilang tularan ang istilo ng komunikasyon, aral na mapupulot, at mga aksyon o gawain na ipinapakita sa pelikula. Ipinapakita nito ang malalim na koneksyon sa pagitan ng sining at pagpapahalaga sa mga moral na prinsipyo ng mga Pilipino. Ito ay nagpapatunay na ang mga pelikulang Pilipino ay hindi lamang simpleng libangan kundi isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalaganap ng katapatan, determinasyon, at pagmamahal sa bayan. Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng sining na maging isang modelo para sa mga manonood, na

maaaring mag-ambag sa kanilang pag-unlad bilang mga indibidwal at bilang mga mamamayang Pilipino.

Pagkakaugnay sa mga Nakaraang Pangyayari sa Pelikula sa Kasalukuyang Kaganapan ng Bansa

Sa pelikulang “Jose Rizal,” makikita na ang mga pamilya na nakaaangat sa buhay ay may kakayahang makapag-aral sa ibang bansa. Kabilang na sina Jose Rizal, Marcelo H. del Pilar, Antonio Luna, Mariano Ponce, Jose Alejandrino, at ipa pang mga ilustrado. Tulad ng mga “ilustrado” noong panahon ng Espanyol, maraming Pilipino sa kasalukuyan ang nagpapasya na mag-aral o magtrabaho sa ibang bansa upang magkaroon ng mas magandang oportunidad sa edukasyon at trabaho. Hindi na limitado sa mga pamilyang maykaya sapagkat maraming Pilipino ang nag-apply ng iskolarsyip upang mabigyan ng pagkakataon na makapag-aral sa naglalakihang unibersidad sa ibang bansa. Ang pakikisangkot sa lipunan at politika ay katulad din ng mga “ilustrado” noong panahon ng Espanyol na naging mga lider sa kilusang rebolusyonaryo, maraming Pilipino sa kasalukuyan ang aktibong nakikilahok sa mga isyu sa lipunan at politika, sa Pilipinas man o sa ibang bansa. Ang mga “ilustrado” noong panahon ng pananakop ng Espanya ay nabuo sa ilalim ng kolonyal na kapangyarihan at may sariling layunin sa pagtugon sa mga isyu at hamon ng kanilang panahon. Sa kasalukuyan, ang mga Pilipino na nagpapasya na mag-aral o magtrabaho sa ibang bansa ay may kani-kanilang mga layunin at sitwasyon na bumubuo sa kanilang mga desisyon at karanasan.

Ang mga Pilipino ay hindi hamak na matalino at may talento. Noon pa man ay nangingibabaw na sa iba’t ibang larangan. Patunay nito ang pagkawagi ng dalawang Pilipinong pintor na sina Juan Luna at Felix Hidalgo. Nanalo ng dalawang pangunahing gatimpala sa naganap na National Exposition of Fine Arts sa Madrid, Spain noong 1884. Sila ang kaunaunahang mga Pilipinong pintor na ginawaran ng mataas na parangal sa ibang bansa. Kamakailan lamang nasungkit ni Elvin Perocho Vitor, 29-taong gulang na mula sa Sierra Bullones, Bohol ang prestihiyosong parangal na 6th Leonardo da Vinci International Award noong Abril 13, 2024 na ginanap sa National Museum of Science and Technology sa Milan, Italy. Mula noon magpahanggang ngayon, tunay na kahanga-hanga ang talento ng mga Pilipino, lalo na sa larangan ng sining. Kayang - kaya makipagsabayan ng galing sa pagpinta sa pandaigdigang kompetisyon. Tunay na maipagmamalaki ng bayan, ang Pilipinas.

Sa pelikulang “El Presidente,” si Pangulong Emilio Aguinaldo ang naging kauna-unahang pangulo ng Republika ng Pilipinas. Naganap ang unang halalan sa Hacienda Tejeros, San Francisco de Malabon, Cavite noong Marso 22, 1897. Naitatag nito ang Pamahalaang Panghimagsikan at Unang Republika ng Pilipinas. Bilang Supremo ng Katipunan, pinangunahan ni Andres Bonifacio ang halalan. Naging mga botante ang mga rebolusyonaryong Pilipino at ang paksyon ng Magdiwang at Magdalo. Isinusulat ng mga botante sa isang papel ang mga pangalan sa nais iboto. Malaman kung sino ang nanalo

sa halalan sa pamamagitan ng pagbilang sa tala. Sa kasalukuyang panahon, mano-mano lamang ang lokal na eleksyon katulad ng paraan na ginamit ng Katipunan maliban sa paglagay ng tinta sa kuko sa kanang hintuturo bilang tanda na ang isang tao ay nakapagboto. Sa pambansang eleksyon, dala ng makabagong teknolohiya, hindi na kailangan ng mga botante na isulat isa-isa ang mga pangalan ng mga nominado/kandidato, sa halip naka-printa na sa papel. Ang tanging gawin ng mga botante ay itiman ang bilog sa tabi ng pangalan ng kandidatong iboboto. Sa pagbilang ng mga boto sa buong bansa, gagamit ang pamhalaan ng Precinct Count Optical Scan (PCOS). Mahalaga ang bawat boto ng mga botante, dito nakasalalay ang mabuting pamamahala at maayos na pagtaguyod ng bansa. Ang aktibong pakikilahok sa halalan ay nagpapakita ng dedikasyon sa demokrasya at pagsasabuhay sa karapatan ng mamamayang Pilipino.

Ang kinatawan ng bansang Amerika ay nakipag-usap kay Aguinaldo na suportahan ang layuning mapalaya ang Cuba mula sa kamay ng mga Kastila, at sa gayon ay mapalaya na rin ang Pilipinas. Naglunsad na mga plano at kasunduan sa pagitan ni Aguinaldo at ang kinatawan ng Amerika para sa pag-aalsa laban sa mga Kastila. Inihain rin ni Aguinaldo ang negosasyon para sa kalayaan ng Pilipinas at ang pangako ng mga Amerikano sa Treaty of Paris. Ilang beses ipinadala ni Emilio si Felipe Agoncillo sa komisionado ng Estados Unidos upang makipag-usap at hingin ang suporta nito. Sa kasamaang-palad hindi tinanggap at pinayagan sa komisionado ng Estados Unidos na mailahad ang kanyang layunin at pakay sa kadahilanan ng hindi siya kinatawan sa isang lehitimong pamahalaan. Sa panahon na hindi kinikilala ng ibang bansa ang soberanya ng Pilipinas, kahit gaano kabuti at kaganda ang kredensyal ng isang kinatawan, hindi ito kikilalanin. Sa kasalukuyang panahon, ang mga lider ng iba't ibang bansa ay patuloy na nakikipag-ugnayan at nakikipagkaibigan upang mapanatili ang positibong ugnayan at makabuluhang kooperasyon sa pagitan ng kanilang mga bansa. Ito ay mahalaga upang mapanatili ang kapayapaan, seguridad, at pangkalahatang kaunlaran sa pandaigdigang komunidad. Sa pamamagitan ng diplomasya at mga pandaigdigang organisasyon, ang mga bansa ay nagtutulungan upang tugunan ang mga pandaigdigang hamon at isyu, tulad ng pagbabago ng klima, pandemya, at pandaigdigang seguridad. Ang pangangalaga sa ugnayan sa pagitan ng mga bansa ay nagbibigay-daan sa pagpapalitan ng impormasyon, teknolohiya, at ekonomiya, na nagbubunga ng mas malawak na pag-unlad at kapayapaan sa buong mundo.

Sa pelikulang “Bonifacio: Ang Unang Pangulo,” nangunguna na rito ang isyu ng pagiging “Sipsip o Marites” (sa modernong tawag). Narinig ni Pateno ang usapan ng mga kasapi ng Katipunan ang tungkol sa himagsikan na sinimulan ni Supremo. Napasugod si Pateno sa kanyang kapatid na babae sa simbahan para bigyan ng babala. Bunsod nito, iminumungkahi ng kanyang kapatid na babae na magsumbong sa Gobernadorsilyo. Sa gabing iyon nagkaroon ng pagsalakay ang mga kastila sa pagawaan ng dyaryo upang halungkatin ang mga ebidensya patungkol sa sinabi ni Pateno. Sa ginawa ni

Pateno, isa na namang Katipunero ang pinahirapan at nawalan ng buhay. Ang gayong kaganapan ay maiiwasan kung inalam muna ni Pateno ang buong katotohanan sa likod ng kanyang mga narinig. Mahalaga na alamin muna ang buong detalye at katotohanan bago gumawa ng desisyon. Hindi ito malayo sa kaganapan ngayon, lalo na ang patuloy na pag-unlad ng teknolohiya. Talamak ngayon sa social media ang maling impormasyon o fake news. Sa panahon ngayon, ang mga tao ay nangangailangan ng dobleng pag-iingat at pagiging mausisa bago magkomento at magbahagi ng post na walang katotohanan upang maiwasan ang gulo at ikapapahamak ng kapwa tao.

Maaari ring matawag na makasarili si Pateno. Iniisip lamang ang ikabubuti ng kanyang sariling pamilya hindi ang kapakanan ng karamihan o ng buong bayan. Ito ay totoo sa kasalukuyang panahon, minsan ang mga tao ay nagbubulag-bulagan lalo na sa panahon ng eleksyon. Kahit mangungurakot ay nanalo sa eleksyon dahil ang mga kamag-anak ay bumoto at tumulong sa pangungumpanya kahit batid nilang hindi ito karapatdapat sa posisyon. Inuuna ang kapakanan ng mga kamag-anak, hindi ang ikabubuti ng lahat.

Ang itinatatag na kilusan ni Andres Bonifacio ay naglalayong labanan ang umiiral na pamahalaan na pinamumunuan ng mga Espanyol. Sa modernong panahon, ang kilusang ito ay maituturing kalaban ng gobyerno. Hindi ito malayo sa mga rebelde na nagtatago sa mga liblib na lugar ng bansa na kung saan may sariling adhikain na nais makamtan. Nanghihiikayat din ang mga kasapi nito ng bagong miyembro kalapit sa kanilang lugar. Kadalasan itong mangyari sa mga lugar na hindi gaanung nabigyan ng pansin ng gobyerno. Hindi maiiwasan na magkaroon ng bakbakan o labanan na kung saan may nasasawi sa bawat panig. Ang masaklap ay kapwa Pilipino ang naglalaban.

Sa pelikulang “Heneral Luna,” nangunguna rito ang pagkakaroon ng personal na interes. Ang pagkamatay ni Heneral Antonio Luna ay maaaring dulot ng galit o inggit ng ibang tao na nasa kanyang paligid. May mga taong nais maghiganti laban sa taong may atraso sa kanila. Maaari nilang pahirapan o ipapatay ang isang tao. Maraming tao ang may galit ni Luna dahil sa kanyang pagiging strikto at mahigpit na pagdidisiplina sa kanyang mga sundalo. Maaari ring dahil sa kanyang posisyong hinawakan sapagkat siya ang heneral ng hukbong sandatahang Pilipinas. Sa hulihang bahagi ng pelikula, ipinakita na pinagtulungang barilin at tagain si Luna hanggang sa mamatay. Sa kasalukuyang panahon, may mga pangyayari na maihalintulad sa kaso ng pagkamatay ni Heneral Luna. Kadalasan na naging dahilan ng krimen ay away sa pulitika, pangangaliwa, alitan sa lupa at iba pa.

Ang pagbibigay pugay sa sundalong namatay ay karaniwang isinasagawa upang kilalanin at ialay ang paggalang sa kanilang sakripisyo at katapangan sa paglilingkod sa bayan. Binibigyang-pugay ang kabayanihan at kagitingan ni Luna. Nilagyan ng bandila ng Pilipinas ang kanyang kabaong. Ang kanyang sakripisyo at katapangan sa pagtanggol sa bayan ay patuloy na ginugunita at pinagpapala ng maraming Pilipino. Kamakailan lamang, binigyang-pugay ang mga sundalong nasawi sa Lanao del Norte. Ipinag-utos ni Pangulong

Ferdinand Marcos Jr. ang pagbigay ng tulong pinansyal sa mga pamilya ng anim na sundalong nasawi sa nangyaring engkwentro ng militar laban sa pangkat ng Dawlah Islamiyah sa Lanao del Norte noong Pebrero 18, 2024.

Sa pelikulang “Goyo: Ang Batang Heneral,” ipinakita ang nakagawiang paraan ng pagpapakilala ng mga kandidato sa eleksiyon. Noong taong 1935 sa Kawit, Cavite, makikita ang mga poster na nagtatampok ng larawan nina Emilio Aguinaldo at Manuel Quezon na nakadikit sa pader ng mga gusali o nasa gilid ng kalsada. Ang paggamit ng mga poster ay naglalayong mapalaganap ang kanilang plataporma at kilalanin ang kanilang kandidatura sa publiko. Sa pamamagitan nito, umaasang makakuha ng suporta at boto mula sa mga botante ang mga kandidato sa eleksiyon. Sa kasalukuyang panahon, dala ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, ang mga kandidato sa eleksiyon ay mahigpit na nakikipagkompetensya sa social media at online na patalastas. Ito ay nagpapakita ng pag-angkop ng mga politiko sa pagbabago ng teknolohiya sa paglipas ng panahon. Sa ganitong paraan, makikita ang patuloy na ugnayan ng nakaraan at kasalukuyan sa larangan ng politika at eleksiyon. Kahit na ang mga pamamaraan at midyum ay nagbabago, ang layunin ng mga politiko ay manatili pa rin: ang kumuha ng suporta at manalo sa eleksiyon.

Sa pelikula, ipinapakita na si Gregorio del Pilar ay isang batang Heneral na may malaking tungkulin na ginagampanan. Gusto niyang patunayan ang kanyang sarili at ang kanyang kakayahan, subalit sa kabila nito, nararamdaman din niya ang pangangailangan na makaranas ng kasiyahan at kaligayahan. Ito ay nagpapaalala sa mga Pilipino na ang mga bayani ay hindi perpekto at may sariling kahinaan. Sa kasalukuyan, ang Pilipinas ay patuloy na nahaharap sa iba’t ibang hamon at suliranin, kasama na ang mga isyu sa politika, ekonomiya, at lipunan. Sa gitna ng lahat ng ito, mahalaga ang pagkakaunawaan at pagkakaisa, ang mga lider ay tao rin na may pagkukulang at pagkakamali. Ang pagpapakita ng kanilang kahinaan at pagsusumikap upang harapin ang mga hamon at problema ay nagbibigay ng inspirasyon at pag-asa sa mga Pilipino, sapagkat ipinapakita nito na hindi hadlang ang pagkakamali sa pagiging makabuluhang indibidwal. Ipinapaalala nito sa mga tao na ang pagiging bayani ay hindi lamang tungkol sa kagitingan, kundi pati na rin sa mga personal na pakikibaka at paghahangad na mabuhay ng masaya at ganap.

Mula sa mga pagsusuri, mahihinuha na may malaking kaugnayan ang mga nakaraang pangyayari sa piling makasaysayang pelikulang Pilipino sa kasalukuyang kaganapan ng bansa. Sinuportahan ito ni Bales (2020) na ang mga pelikula ay nakatutulong upang maipakita sa mga tao ang nakaraan at lumikha ng kaugnayan sa kanilang sariling buhay. Bagama’t ang kasalukuyang lipunan ay nahaharap sa mga hamon at sitwasyon, may mga isyu sa lipunan na nanatiling makabuluhan sa paglipas ng panahon. Madaling isipin na ang kultura at lipunan sa nakalipas ay hindi gaanong nakaka-epekto sa mundo ngayon, ang katotohanan ay ang nakaraan ang naging batayan o humuhubog sa pundasyon sa lipunan ngayon. Nangangahulugan lamang na napakahalagang maunawaan ang mga istraktura at ideya ng nakaraan

upang mas maunawaan ang kasalukuyang kaganapan ng bansa. Idinagdag din ni Ball (2016) na ang mga makasaysayang pelikula ay nagbibigay buhay sa “nakaraan” at tinutulungan ang mga manonood na makakaugnay sa mga karakter at kaganapan. Ito ay nagpapakita na ang pag-unawa sa kasaysayan ay mahalaga sa pag-unawa sa mga hamon at sitwasyon ng lipunan ngayon. Ang mga makasaysayang pelikula ay hindi lamang isang libangan kundi isang instrumento ng edukasyon at kamalayan. Ito ay nagpapalawak ng kaalaman at pang-unawa ng mga manonood sa kanilang sariling kasaysayan at kultura, na naglalayong palakasin ang kanilang pagkakakilanlan at pagmamahal sa bansa.

KONGKLUSYON

Sa kabila ng modernisasyon at teknolohiya, nananatiling mahalaga ang pag-unawa at pagtuturo ng wika sa konteksto ng kultura at kasaysayan. Ang pagsusuri sa mga makasaysayang pelikulang Pilipino ay nagbigay ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kasaysayan ng bansa. Ang paggamit ng tayutay, simbolismo, at matatalinghagang salita sa mga pelikula ay naging mahalagang paraan sa paglalahad ng mga pangyayari at damdamin ng mga Pilipino. Napatunayan sa pag-aaral ang kahalagahan ng pelikula bilang salamin ng lipunan at tagapagdala ng mga aral mula sa nakaraan patungo sa kasalukuyan.

Sa pamamagitan ng mga tayutay at idyoma, naipakikita ang kagandahan at yaman ng wikang Pilipino, na nagbibigay ng mas malalim na antas ng pag-unawa sa mga tauhan at pangyayari. Ang mga simbolismo ay nagbigay-diin sa mahahalagang tema at konsepto sa kasaysayan ng Pilipinas, na nag-uugnay sa mga pangyayari noon at sa kasalukuyan. Ang mga makasaysayang pelikulang Pilipino ay hindi lamang nagbibigay-aliw kundi nagiging kasangkapan sa paghubog ng kamalayang kultural, pagpapahalaga sa mga bayani, at sa pagpapaunlad ng pagkakakilanlan at pagmamahal sa bayan ng mga Pilipino.

REKOMENDASYON

1. Ang mga makasaysayang pelikulang Pilipino ay maging batayan sa pagtuturo at pagkatuto ng wika, iminumungkahi ng mananaliksik na gawing pantulong sa kurikulum sa Filipino.
2. Ang mga makasaysayang pelikulang Pilipino ay hitik sa matatalinghagang salita, iminumungkahi ng mananaliksik na gawing lundayan sa pagtuturo ng wika at pagpapataas ng antas sa wikang Filipino. Gamitin ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.
3. Ang mga makasaysayang pelikulang Pilipino ay hitik sa simbolismo, kulturang Pilipino, at pagpapahalagang moral, iminumungkahi ng mananaliksik na gawing lundayan sa pagtuturo at pagpapahalaga sa kasaysayan at sakripisyo ng mga bayani. Tangkilikin at gamitin

ang pelikulang Pilipino bilang isang paraan ng pagpapahayag at pagpapalaganap ng kultura at kasaysayan ng bansa. Isabuhay at iugnay ang mga pangyayari at kaganapan sa totooong buhay ng mga mag-aaral.

4. Magsagawa ng mas malalim at mas sistematisadong pag-aaral at pagtuturo ng mga makasaysayang pelikulang Pilipino sa mga paaralan. Isama ang mga pelikula sa kurikulum upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kasaysayan at mapaunlad ang paggamit ng wika.
5. Itaguyod ang pagpapalalim ng pag-unawa sa kultura ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagtutok sa mga simbolismo, kultura, at pagpapahalaga na ipinapakita sa mga pelikula. Maaaring isama ang mga diskusyon at pagsasanay na naglalayong unawain ang mga aspekto ng kulturang Pilipino na naitampok sa mga pelikula.
6. Itaguyod ang kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-analisa ng matatalinghagang salita, tayutay, at simbolismo na ginamit sa mga pelikula. Ituro sa mga mag-aaral kung paano sila makapaglalapat ng kanilang kaalaman sa kasaysayan at kultura sa kasalukuyang konteksto ng lipunan sa pamamagitan ng pagpapalalim nito.
7. Ang nakalap na datos ay makatutulong sa mga mag-aaral at guro na mapalawak ang kanilang kaalaman sa wika at magamit sa pagkatuto at pagtuturo ng wika at kasaysayan.
8. Ang pag-aaral na ito ay gawing basehan sa pag-implementa ng mga gawain at aktibidad sa loob ng paaralan gamit ang makabagong teknolohiya bilang pantulong upang maisakatuparan ang pagpapalaganap at pagpapaunlad sa paggamit ng makasaysayang pelikulang Pilipino sa pagtuturo at pagkatuto.
9. Para sa susunod na mananaliksik, iminumungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng pananaliksik sa iba pang makasaysayang pelikulang Pilipino. Gayundin ang pagsuri ng iba pang genre ng pelikula.

SANGGUNANG BANGGIT

Albiladi, W. S., Abdeen, F. H., & Lincoln, F. (2018). Learning English through movies: Adult English language learners' perceptions. *Theory and Practice in Language Studies*, 8(12), 1567-1574. <http://dx.doi.org/10.17507/tpls.0812.01>

Apriliya, G. (2022). An Analysis of Figurative Language in The Dialogues Toba Dreams Film by Tb Silalahi. <https://bitly.ws/3cz9M>

- Bales, B. P. (2020). Viewing History Through a Lens: The Influence of Film on Historical Consciousness (Doctoral dissertation, East Tennessee State University). <https://bitly.ws/3czew>
- Ball, L. (2016). The Historical Value of Film. Metahistory. <https://bitly.ws/343ib>
- Bayang, E.E. at Tubo, T.T. (2019). Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Mutya Publishing House, Inc.
- Fahriza, A. (2021). Analysis of Figurative Language that Used by the Main Character on the Movie “Black Panther” by Stan Lee (Doctoral dissertation, Uin Raden Intan Lampung). <https://bitly.ws/3cEMA>
- Gracia, A., Dara, C., Noviana, D. A., & Simanjuntak, M. B. (2022). Analysis Of Implied Messages in The Film “Sing 2” Director by Garth Jennings. In Undergraduate Students’ National Seminar (p. 1). <https://bitly.ws/3drdX>
- Hermawan, M. R. (2019). Conceptual metaphor used by major character in “Les Miserables” movie (Doctoral dissertation, Universitas Islam Negeri Maulana Malik Ibrahim). <https://bitly.ws/3ct5o>
- Horkheimer M. (1972). Critical theory: selected essays. Continuum Pub. Corp. <https://bitly.ws/3bMHG>
- Kempson R.M. (1997). Semantic theory. Cambridge University Press. <https://bitly.ws/3bcEs>
- Kennedy, X.J. & Gioia, D. (1995). Literature: An Introduction to Fiction, Poetry, and Drama, HarperCollins College Publishers Inc.
- Mayor-asuncion, A. M. (2015). Doon o dito, ganoon o ganito: isang paggalugad sa pananaw ng guro hinggil sa kanyang papel sa pagtuturo ng Akademikong Wikang Filipino sa antas tersyarya. Luz y Saber, 9(1&2), 1-1. <https://bitly.ws/3cUnv>
- Odchimar III, D.A. (2019). Critical Thinking and Student-Centered Learning in Teaching Philippine History. <https://rb.gy/jvwsfh>
- Palmer, K. (2020). Understanding literary theory. Pressbooks. <https://bitly.ws/3dHe6>
- Rogers, N. (2020). Saving a Language, Preserving a Culture. UNM Newsroom. <https://bitly.ws/3d3vQ>

- Seymour, V. (2023). What is a Symbol? JSTOR Daily. <https://bitly.ws/Zm8P>
- Simanjuntak, M. B., & Sutrisno, S. (2022, May). Analysis of the Meaning of the Song Lyrics" Speechless" in the Film" Aladdin". In Prosiding Seminar Nasional Inovasi Pendidikan. <https://bitly.ws/3cUyW>
- Simon, S. B., Howe, L., & Kirschenbaum, H. (1972). Values Clarification: a handbook of practical strategies for teachers and students. New York. <https://bitly.ws/3aQnp>
- Stearns, P. (2020). Why Study History? (1998). American Historical Association. <https://bitly.ws/3cUzT>
- Trafton, J. (2022). Historical Film. Oxford Bibliographies. <https://bitly.ws/344tf>